

Poliomyelitis

Mikrobyong Sanhi ng Sakit

Ito ay sanhi ng poliovirus. Sa 3 mga strain ng wild poliovirus (type 1, type 2, at type 3), ang huling kaso ng wild poliovirus type 2 ay iniulat noong 1999 at walang kaso ng wild poliovirus type 3 ang natagpuan mula noong huling naiulat na kaso sa Nigeria noong Nobyembre 2012. Gayunpaman, ang mga kaso ng wild poliovirus type 1 ay nangyayari pa rin sa iilang mga bansa.

Mga katangiang klinikal

Ang sakit ay pangunahing nakaaapekto sa mga batang paslit. Maaari itong magdulot ng lagnat, sakit sa ulo, pagsusuka, pananakit ng tiyan, pananakit sa kalamnan, paninigas sa leeg at likod at pagkaparalisa. Karamihan sa mga pasyente ay gumagaling, ngunit sa mga malalang kaso, maaari itong tumuloy sa permanenteng kapansanan at kamatayan.

Paraan kung Paano Mahahawaan

Ang sakit ay lubhang nakahahawa. Naililipat ito tao-sa-tao, pangunahing sa rutang pandumi-pambibig. Pumapasok ang virus sa katawan sa rutang pambibig at lulusubin ang sentral na sistema ng nerbiyo.

Yugto ng Inkubasyon

Karaniwan ay 7 hanggang 10 araw, na may saklaw na 4 hanggang 35 araw.

Pamamahala

Ang mga pinaghihinalaang nahawaang tao ay dapat na isangguni sa ospital para sa karagdagang pangangasiwa at pagbubukod. Sa kasalukuyan, wala pang paggamot na nakalulunas para sa sakit na ito.

Yamang din na ang dumi ng pasyente ay maaaring naglalaman ng virus, ang mga nag-aalaga ay dapat magsagawa ng ekstrang pag-iingat sa mga gawaing pangkalinisan kapag inaalagaan ang maysakit.

Pag-iwas

Ang pagbabakuna ay ang pinaka-epektibong paraan upang maiwasan ang sakit. Mayroong dalawang uri ng bakuna ng polio: Oral Polio Vaccine (OPV) na iniinum at Inactivated Polio Vaccine (IPV) na ibibigay sa pamamagitan ng iniksyon. Dahil kilala ang OPV na nauugnay sa isang bihirang komplikasyon na kilala bilang paralitikong poliomyelitis na nauugnay sa bakuna, ginamit ang IPV sa [Hong Kong Childhood Immunisation Programme](#) mula pa noong 2007. Hindi na ginagamit ang OPV sa Hong Kong.

Noong ika-5 ng Mayo 2014, idineklara ng Direktor-Heneral ng Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan (World Health Organization o WHO) na ang internasyonal na paglaganap ng poliovirus upang maging isang Pampublikong Emerhensya sa Kalusugan ng Internasyonal na Pagkabahala sa ilalim ng Mga Regulasyon sa Internasyonal na

Kalusugan (2005) at naglabas ng Pansamantalang Mga Rekomendasyon upang mabawasan ang internasyonal na paglaganap ng poliovirus. Ang impormasyon sa pinakabagong Pansamantalang Mga Rekomendasyon ng WHO at ang na-update na listahan ng mga apektadong bansa / estado ng mga poliovirus ay makikita sa mga sumusunod website: <http://polioeradication.org/polio-today/polio-now/public-health-emergency-status>.

Inirerekomenda ng WHO na bago maglakbay sa mga lugar na apektado aktibong transmisyon ng poliovirus dapat masiguro ng mga manlalakbay mula sa mga bansang walang polio na natapos nila ang nararapat na serye ng bakuna ng polio sa naaangkop na edad, ayon sa sa kani-kanilang pambansang iskedyul ng pagbabakuna. Ang mga matatandang manlalakbay sa mga lugar na apektado ng polio na nakatanggap na ng tatlo o higit pang dosis ng OPV o IPV ay dapat ulit mabigyan ng isahang booster dose ng bakuna kontra polio. Ang mga manlalakbay na hindi pa nakatanggap ng anumang bakuna ng polio ay dapat makumpleto ang isang pangunahing iskedyul ng pagbabakuna ng polio bago umalis.

Pinapayuhan din ang mga manlalakbay na:

- Panatilihin ang mahusay na kalinisan sa sarili at pagkain
- Laging maghugas ng kamay bago kumain o kapag humawak ng pagkain, at pagkatapos gamitin ang banyo
- Iwasang malantad sa anumang potensyal na kontaminadong pagkain o mga inumin

Ayon sa mga rekomendasyon ng WHO, ang mga bansang may impeksyon ng wild poliovirus o kumakalat na VDPV (cVDPV) na may potensyal na panganib sa internasyonal na pagkalat ay dapat masiguro/hikayatin ang lahat ng mamamayan at pangmatagalang bisita (hal. > apat na linggo) anuman ang edad, na makatanggap ng dosis ng bakuna kontra polio sa pagitan ng apat na linggo at 12 buwan bago ang internasyonal na paglalakbay. Ang mga taong may kagyat na pangagailangan upang maglakbay (hal. sa loob ng apat na linggo), at dapat makatanggap ng isang dosis ng bakuna kontra polio bago ang kanilang pag-alis. Ang mga bansang apektado ng wild poliovirus type 1, cVDPV type 1 o type 3 na may Internasyonal na Sertipiko ng Pagbabakuna o Prophylaxis upang itala ang kanilang pagbabakuna laban sa polio ay magsisilbing patunay ng natanggap na bakuna.

Para sa karagdagang impormasyon sa kalusugan, mangyaring Bisitahin ang Website ng Proteksyon ng Sentro para sa Kalusugan www.chp.gov.hk

Ang isinaling bersyon ay para sa sanggunian lamang. Sa kaso ng mga pagkakaiba sa pagitan ng isinalin na bersyon at Ingles na bersyon, Ingles na bersyon ang mananaig.

Translated version is for reference only. In case of discrepancies between translated version and English version, English version shall prevail.

Nirebisa noong 18 Nobyembre 2024 (18 November 2024)